



Ang piling mga pasilidad ng Lungsod ng Brampton ay mangangailangan ng patunay ng pagpapabakuna simula Setyembre 22

BRAMPTON, ON (Setyembre 17, 2021) – Kaayon sa [mga regulasyon](#) at patnubay ng Pamahalaan ng Ontario na nangangailangan ng patunay ng pagpapabakuna para makapasok sa ilang pasilidad, ang Lungsod ng Brampton ay mangangailangan ng patunay ng pagpapabakuna para maka-access sa mga serbisyong pag-aari ng Lungsod tulad ng paglilibang, isport, mga pasilidad na pangkultura at pang-aliw simula sa Miyerkules, Setyembre 22. Gagawin ang mga eksemasyon ayon sa mga regulasyon ng Pamahalaan ng Ontario.

Ayon sa regulasyon at mga gabay ng Lalawigan, ang mga sertipikasyon ng bakuna ay kakailanganin sa mga indoor na lugar tulad ng:

- Mga pasilidad na ginagamit para sa isport at panlibangang mga gawaing pang-fitness, kabilang ang waterparks at mga personal physical fitness trainer
- Mga pasilidad kung saan nanonood ng mga event ang mga tao
- Mga lugar na pagpupulungan at mga lugar ng event, kabilang ang mga conference centre o mga convention centre
- Mga venue ng concert, teatro at mga sinehan
- Mga casino, bingo hall at iba pang mga establisyemento ng games
- Mga restawran, bar, at iba pang mga establisyemento ng pagkain o inumin
- Kapwa mga lugar na indoor at outdoor na mga establisyemento ng pagkain at inumin kung saan ang mga pasilidad ng pagsasayaw ay ibinibigay, kabilang ang mga nightclub, resto-club at iba pang katulad na mga establisyemento

Hindi kakailanganin ang patunay ng pagpapabakuna sa:

- Mga library, mga court house o sa mga nag-a-access ng mga serbisyo ng lungsod tulad ng pagbabayad ng mga bayarin sa buwis o pagkuha ng mga building permit
- Mga batang wala pang 18 taong gulang na sumasali sa organisadong isport, ngunit ang mga manonood kabilang ang mga magulang at mga guardian ay kailangang magpakita ng patunay ng pagpapabakuna para makapasok
- Mga espasyong pinapaupahan na ginagamit para sa mga day camp, pangangalaga sa bata at mga serbisyong panlipunan
- Mga seremonya ng kasal, mga panrelihiyong serbisyo/ritwal at mga punerarya (seremonya lamang)
- Mga pagtitipon sa mga pribadong residensya
- Mga outdoor na event

Para suportahan ang mga negosyo sa pagpapatupad ng regulasyon sa sertipiko ng bakuna, ang Pamahalaan ng Ontario ay may mga resource sa [Gabay para sa mga Negosyo](#) na magagamit. Ang kumpletong mga detalye ay matatagpuan sa [mga regulasyon ng Pamahalaan ng Ontario](#).

Tinatanggap na mga Pamamaraan ng Patunay ng Pagpapabakuna sa mga Pasilidad ng Lungsod



Ang sumusunod na mga pamamaraan ng patunay ng estado ng pagpapabakuna ay tatanggapin kapag bumibisita sa isang pasilidad ng Lungsod ng Brampton, kasama ang isang karagdagang piraso ng personal na identipikasyon:

1. Vaccine receipt na patunay ng pagpapabakuna: Ito ay maaaring makuha mula sa online na [COVID-19 Vaccine Portal](#) ng Lalawigan o sa pamamagitan ng pagtawag sa Booking Line ng Bakuna ng Lalawigan sa 1.833.943.3900.

2. Enhanced digital vaccine receipt ng Ontario: Pasisimulan ng pamahalaan ng Ontario ang opsyon na ito sa Oktubre 2021. Ang digital vaccine receipt ay maaaring itabi sa iyong cellphone at madaling maipakita na ikaw ay nabakunahan na. Mas maraming impormasyon ang ibibigay kaugnay ng opsyon na ito kapag pwede na itong maibigay.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca